# Mensahe para sa Bagong Taon 2022

Nawa ang taon na ito ay malalim natin maintindihan at maisabuhay

ang sinodalidad na mahalaga sa atin na Simbahan ni Kristo na

maglalakbay sa Kanya, sa pamamagitan Niya at kasama Niya.

Enero 1, 2022

Solemnidad ni Birhen Maria, Ina ng Diyos

Mario Michiaki Yamanouchi

Obispo ng Diyosesis ng Saitama

Mga kapatid,

Masayang Bagong Taon 2022! Sana ang bagong taon ay mapuno ng pagpapala ng Diyos para sa inyo at inyong mga pamilya.

Segurado ako na naalala ninyo noong Oktubre 17, patapos ang taon, ang mga parokya sa buong mundo ay nanalangin para sa pagsisimula ng Sinudo ng Diyosesis bilang unang bahagi ng Sinudo ng mga Obispo sa Oktubre 2023. Bilang mahalagang paghahanda para sa Sinudo, inanyayahan ko si Padre Nakamaro Abe, isang paring Salesiano, noong Disyembre 7 upang sama-samang matuto kasama ang mga pari at mga diyakono bago ang mga layko, tungkol sa "sinodalidad, isang pagpapahayag ng estilo ng Simbahan na sama-samang mamuhay". Si Padre Abe ay nagpapaalala muli sa atin sa matinding pagnanais ni Papa Fransisko mula pa sa simula ng kanyang inagurasyon. Nais niya na mapagtanto ng lahat at alalahanin ang kahalagahan ng sama-samang mamuhay ang lahat.

Nais kong isipin ninyo ito: ang Japan ay bansa na masagana sa ekonomiya, ngunit sa bahagi ng Kristiyanong pagpapalaganap, isa ito sa mga bansa na ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ay matagal ng nalipasan. Iniisip ko na maari nating masabi na sa bansang ito ay totoong mahalaga ang sinudo.

Hindi tayo nagkulang sa sigasig upang matuto at mag-usap ukol sa "sinodalidad, ang pagpapahayag ng estilo ng Simbahan upang sama-samang mamuhay", ngunit hindi tayo optimistiko sa kinabukasan ng ating mga diskusyon kung saan ang corona vírus pandemic ay patuloy na humihina ngunit bumabawi ng momentum. Subalit, uusad tayo na may pag-iingat at walang pag-iimbot na gawin itong particular na "panahon ng pagsubok" na maging "panahon ng grasya". Ang mga pari at mga diyakono na naunang natuto bago ang mga layko ay nagnanais na isabuhay ang sinodalidad kasama kayo sa kinabukasan. Ninanais ko na magkaroon kayo ng taon ng paglalakbay na may pag-asa kasama ang inyong mga pari at mga diyakono.

Ang isa ko pang ninanais ay kunin uli ninyo ang dalawang mahalagang ensiklikal ni Papa Fransisko, Laudato Si at Fratelli Tutti, at magabayan kayo nito upang maalala ng malalim na ang mundo ay isang malaking pamilya, na ang mundo ay "ating tahanan" hindi lang sa sangkatauhan kundi para sa lahat ng may buhay. Ito ang aking pagnanais na panibaguhin ang inyong pangako na maglalakbay sa mga mapagpakumbaba, mahihirap at mga taong nagdurusa sa pandemic at isabuhay ito.

Matinding ninanais ko na balang araw ay madalaw ko ang inyong komunidad na mapayapa at ligtas at makita kayong malulusog.

Ang pagpapala ng Panginoon ay masaganang mapasainyo.